Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
Ang Katipunan

**I. Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

______1. Alin ang taguri na iniuugnay kay Andres Bonifacio?

a. Heneral ng Katipunan
b. Maharlika ng Katipunan
c. Puno ng Katipunan
d. Supremo ng Katipunan

______2. Paano lumago o lumaki ang bilang ng mga kasapi ng Katipunan?

a. sa pamamagitan ng paraang tala
b. sa pamamagitan ng paraang bilog
c. sa pamamagitan ng paraang kapit-bisig
d. sa pamamagitan ng paraang tatsulok

______3. Alin ang itinuturing na mga baitang ng mga kasapi sa Katipunan?

a. Baril, Itak, Bolo
b. Itim, Luntian, Pula
c. Katipun, Kawal, Bayani
d. May pag-asa, Pingkian, Magdalo

______4. Alin sa mga ito ang isinulat ni Emilio Jacinto, ang tinaguriang "Utak ng Katipunan"?

a. Bibliya ng Katipunan
b. Dyornal ng Katipunan
c. Kartilya ng Katipunan
d. Kautusan ng Katipunan

______5. Aling pangyayari ang nagbigay-daan sa pag-alab ng diwang makabayan upang itatag ang Katipunan?

a. pagdating ng mga Amerikano
b. pagbubukas ng Suez Canal
c. pagpapatapon kay Rizal sa Dapitan
d. pagkapanalo ni Juan Luna sa Espanya

______6. Alin sa sumusunod ang pangunahing layunin ng Katipunan?

a. pagkakamit ng kalayaan ng mga Pilipino
b. pagtatakwil sa bulag na pananampalataya
c. pagtuturo ng kagandahang-asal sa mga Pilipino
d. paghahati sa Pilipinas upang maging dalawang bansa

______7. Alin sa sumusunod ang bukambibig sa Sigaw sa Pugad-Lawin?

a. "Mabuhay ang Asya! Mabuhay ang Katipunan!"
b. "Mabuhay ang Espanya! Mabuhay ang pamahalaan!"
c. "Mabuhay ang Kamaynilaan! Mabuhay ang Katipunan!"
d. "Mabuhay ang Pilipinas!" Mabuhay si Andres Bonifacio!"

______8. Alin sa sumusunod na mga kaganapan ang gumising sa diwang makabayan ng mga Pilipino?

a. Ipinapaslang ng mga Espanyol si Macario Sakay.
b. Ipinakulong ng mga Espanyol si Andres Bonifacio.
c. Hinatulan ng kamatayan ng mga Espanyol si Jose Rizal.
d. Ipinatapon ng mga Espanyol si Apolinario Mabini sa Guam.

_______9. Anong dalawang pamamaraan ang ginamit ng Katipunan upang makahimok ng mga bagong kasapi?

a. pamamaraang Tatsulok at Sistema ng Muslim
b. pamamaraang Tatsulok at Sistema ng Mason
c. pamamaraang Bilog at Sistema ng Guwardiya Sibil
d. pamamaraang Kuwadrado at Sistemang ng Protestantismo

_______10. Anong kaganapan ang nagpasimula sa pagkabuo ng Kataastaasan, Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK)?

a. pagkukuta sa bundok ng Marikina
b. pagkakatatag ng La Liga Filipina sa Tondo
c. lihim na pagpupulong sa Kalye Azcarraga
d. pagpilas sa mga sedula sa Sigaw sa Pugadlawin